# Presensiya



## WARM-UP

- Kung maaari kang magkaroon ng kahit na anong bagay nang maramihan, anong bagay ang pipiliin mo? Bakit?
- Magkuwento tungkol sa libangan mo. Bakit mo nagugustuhang gawin ang bagay na ito?
- Ano ang isang bagay na gustong-gusto mo tungkol sa inyong bahay? Bakit?

## WORD

[5]*Ipinaghanda n'yo ako ng piging sa harap ng aking mga kaaway. Pinahiran n'yo ng langis ang aking ulo, tanda ng inyong pagtanggap at parangal sa akin. At hindi nauubusan ng laman ang aking inuman.* [6]*Tiyak na ang pag-ibig at kabutihan n'yo ay mapapasaakin habang ako'y nabubuhay. At titira ako sa bahay n'yo, Panginoon, magpakailanman.* **SALMO 23:5,6**

Kapag sinasabi natin na si Jesus ang ating Pastol, nangangahulugan ito na Siya ang tumutugon sa ating mga pangangailangan, nangangalaga, at nag-iingat sa atin. At nakatitiyak din tayo na kapiling natin Siya habang tayo ay nabubuhay (Salmo 23:4). Habang tinitingnan natin ang ating mga buhay at sitwasyon sa Kanyang pananaw, makikita natin na hindi tayo dapat matakot o mag-alala. Sa ilalim ng Pagkapanginoon at pangangalaga ng ating Pastol, ipinangako Niya sa atin ang tatlong bagay.

## 1 Ipagkakaloob ng Diyos ang Kanyang masaganang probisyon maging sa harap ng ating mga kaaway.

*Ipinaghanda n'yo ako ng piging sa harap ng aking mga kaaway. Pinahiran n'yo ng langis ang aking ulo, tanda ng inyong pagtanggap at parangal sa akin. At hindi nauubusan ng laman ang aking inuman.* **SALMO 23:5**

Ang pahayag na ito ay nagpapatunay sa nag-uumapaw na biyaya na ibinibigay ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan. Nais ng Diyos na pagpalain tayo nang higit pa sa ating mga pangangailangan. Kahit sa gitna ng ating mga kaaway—ito man ay karibal, taga-usig, espirituwal na kaaway, katunggali, o pagkabagabag—tiyak na matatanggap natin ang tulong ng Panginoon. Maaari tayong umasa sa ating Pastol na *nagkakaloob sa atin ng lahat ng bagay na ikasisiya natin* (1 Timoteo 6:17). Bakit tayo pinagpapala ng Diyos? (1 Timoteo 6:18,19)

## 2 Mapapasaatin ang kabutihan at habag ng Diyos habang tayo'y nabubuhay.

*Tiyak na ang pag-ibig at kabutihan n'yo ay mapapasaakin habang ako'y nabubuhay. . . .* **SALMO 23:6**

Ipinapangako ng Diyos ang higit pa sa pang-araw-araw nating pangangailangan. Tinitiyak din Niya na ang Kanyang kabutihan, pagmamahal, at katapatan ay mapapasaatin habang tayo ay nabubuhay. Sa pamumuhay natin sa ilalim ng kalinga at Pagkapanginoon ng ating Pastol, at sa ating pagsunod at paghahangad sa Kanya lamang, ang pabor at pagpapala Niya ay mararanasan natin (Deuteronomio 28:2). Paano mo ito nakita sa iyong buhay?

## 3 Makakapiling natin ang Diyos sa Kanyang tahanan magpakailanman.

*At titira ako sa bahay n'yo, Panginoon, magpakailanman.*

**SALMO 23:6**

Ipinangako sa atin ng Diyos ang pinakadakilang pagpapala na maaari nating matanggap—maaari natin Siyang makapiling magpakailanman. At ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Inihahanda Niya ang lugar para sa atin sa bahay ng Kanyang Ama (Juan 14:2,3). Ang Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ay nagbigay daan upang tayo ay manumbalik sa Diyos at maging bahagi ng Kanyang pamilya. Ang makapiling ang Diyos magpakailanman ay isang regalo na matatanggap ng sinumang mananampalataya at magtitiwala sa Mabuting Pastol na si Jesu-Cristo. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon natin ng lugar sa bahay at pamilya ng Diyos?

## APPLICATION

- Nais mo bang manampalataya kay Jesu-Cristo at mamuhay na naglilingkod sa Kanya? Kasama ang isang taong kakilala mo, manalangin ka upang tanggapin si Jesu-Cristo bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas magmula ngayon.
- Paano magbabago ang pananaw mo sa buhay ngayong alam mong ang Diyos ang iyong Pastol na lagi mong kasama at nagbibigay sa iyo ng anumang kailanganin mo?
- Paano makikita ng mga tao sa paligid mo ang kabutihan at habag ng Diyos sa iyong buhay? Mangakong ibabahagi mo ngayong linggo sa isang malapit na kaibigan kung paano ka tinanggap ng Diyos sa Kanyang tahanan.

## PRAYER

- Ihayag ang Salmo 23 sa iyong buhay. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kakayahan na alamin ang Kanyang kagustuhan at sundin Siya habang ikaw ay nabubuhay.
- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay Niya nang higit pa sa anumang pangangailangan mo at sa pagtanggap Niya sa iyo sa Kanyang tahanan. Ipanalangin na ikasisiya mo ang Kanyang mga pagpapala at ibabahagi mo ito sa iba pang nangangailangan.
- Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang iyong buhay bilang isang patotoo ng Kanyang pagmamahal at kabutihan. Ipanalangin na magawa mong akayin ang iba palapit kay Cristo, na siyang tanging daan upang tayo ay manumbalik sa Diyos na ating Ama.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph